IJAMS INTERNATIONAL JOURNAL OF ADVANCED MULTIDISCIPLINARY STUDIES
Volume V, Issue 10 October 2025, eISSN: 2799-0664

# Estado ng mga Mag-aaral sa Komprehensiyon sa Pagbasa sa Asignaturang Filipino

**MERRY FE B. TUBIL**
**ARNEL T. MISUARI**
Jose Rizal Memorial State University Dipolog Campus
Department of Education
tubil_merryfe@jrmsu.edu.ph
arnel.misuari001@deped.gov.ph

*Abstract* — Ang pag–aaraal na ito ay may layuning masuri at matukoy ang estado ng mga mag-aaral sa komprehensiyon sa pagbasa sa Asignaturang Filipino. Isinagawa ang pag-aaral sa mga mag-aaral na nasa Grade 9 ng President Manuel A. Roxas National High School na nasa taong panuruan 2023-2024. Ginamit ang kwantitatibong paglalarawan na desinyo sa pagsusuri ng mga datos na nakalap. Sa pamamagitan ng paglapat ng istadistikang tritment napalutang ang tunguhin ng pag-aaral. Ginamit ang percentage rating at frequency count para matukoy ang demograpikong propayl, average weighted mean value sa pagtukoy ng taglay na kasanayan sa Dimensyon sa Pagbasa. Ang P at H-Value naman ay ginamit para makita ang makabuluhang pagkakaiba sa. Natuklasan sa pag-aaral na walang makabuluhang pagkakaiba ang demograpikong propayl at ang kansanayan ng mga respondente sa Dimensyon ng Pagbasa. Samakatuwid, ang mga respondente sa estado ng kanilang pagbasa ay kakikitaan ng taglay na pag-unawa sa asignaturang Filipino. Mayroon silang angking kakayahan na maunawaan ang akdang binasa. Gayunpaman, iminungkahi sa pag-aaral na mas sanayin pa ang sarili sa pagbabasang may pag-unawa upang maging handa sa kanilang asignatura sa laranagan ng pagtamo ng kanilang akademiya.

***Susing Salita — Asignaturang Filipino, Estado, Komprehensiyon, Pagbasa***

## I. Introduksiyon

Pinakamabisang paraan sa pag-abot ng mga makabagong karunungan ang makrong pagbasa. Sa pamamagitan nito, natuklasan ang iba't ibang impormasyon maging noong unang panahon, sa kasalukuyan at sa hinaharap. Ang pagtamo ng pagkilala ng mga simbulong nakalimbag at pag-unawa sa kaisipan na napapaloob ay ilan lamang sa mahalagang elemento sa proseso nito, kabilang na rin ang kakayahang mapanuri at kritikal na pag-iisip. Ngunit, ang pagbasa na walang pag-unawa, kailanman ay hindi maituturing na pagbasa dahil pag-aaksaya lamang ito ng panahon. Hindi maikaila na ang ganitong uri ng pagbabasa ay hayagang nararanasan ng mga mag-aaral lalo na sa asignaturang Filipino.

Mula sa resulta ng National Achievement Test (NAT) ng Kagawaran ng edukasyon, batay sa natamo ng paaralan sa asignaturang Filipino sa tatlong magkakasunod na taon 53.34 MPS sa taong 2013, 51.32 MPS noong 2014 at 52.81 MPS noong 2015. Natuklasan sa nasabing pagsusulit na mahina at walang kasanayan sa pagbasang may pag-unawa ang mga mag-aaral. Bilang

Copyright © 2025 IJAMS, All right reserved

karagdagan, noong 2023 lumabas mula sa sarbey ng PISA ang mababang resulta ng pagbasang may pag-unawa at isa sa mga dahilan nito ay ang pandemya. Samakatuwid, nangungulilat ang bansang Pilipinas sa performans ng mga mag-aaral sa pagbasa. Patunay lamang na ang ganitong sitwasyon ng mga mag-aaral ay nararapat malapatan ng agarang solusyon nang matulungan sila na mapaangat ang kasanayang bumasa na may pag-unawa. Ang natuklasan ay isang palatandaan na kailangang baguhin ang paraan ng pagtuturo upang matulungan ang mga mag-aaral na malinang ang kanilang kasanayan. Kabilang na rito, ang paggamit ng iba't ibang dulog, teknik at estratehiyang angkop sa panlasa ng mga mag-aaral upang mapaangat ang kakayahang mahinuha at maunawaan ang anumang babasahin.

Naniniwala ang mga mananaliksik na ang ganitong uri ng pananaliksik ay isang malaking tulong sa pagdaragdag ng kaalaman at bilang gabay na rin sa iba pang mag-aaral para mabigyang halaga ang kahandaan ng sa akademikong larangan at bilang tugon na rin sa kasalukuyang misyon ng Kagawaran ng Edukasyon na paigtingan ang pagbasang may pag-unawa na nakaangkla sa bawat bata, bumabasa

**Rebyu ng mga Kaugnay na Literatura at Pag-aaral**

**Ang Wikang Filipino sa Paglinang ng Asignatura**

Ang wika ay kasangkapan ng tao upang magamit sa pakikipagtalastasan, pakikipag-unayan, pakikipagpalitan ng kuru-kuro, balitaan, pagpapahayag ng damdamin, pag-aaral, pagtitipon ng karunungan, pagsusuri at pagsisiyasat sa hiwaga ng kalikasan at talinghaga ng buhay. Ito ay simbolo na bumubuo ng sistema upang maayos na maisakatuparan ng tao ang paghahatid ng anumang mensahe. Wika na nagsisilbing susi at regalong bigay ng Poong Maykapal sa bawat tao upang magkakaunawaan.

Ayon kay Macinas (2011) tunay na mahalaga ang papel na ginampanan ng wika, ito ay nagsisilbing simbolo ng lahi, kultura ng bansa at sumasagisag na ang bansa ay malaya. Ang bawat bansa ay may sariling wika na ginagamit upang magsilbing daan tungo sa landas ng pagkakaisa, pagkaka-unawaan at pagmamahal.

Ayon kay Bureros et. al. (2019) na isang komplikado o masalimuot na proseso ang pagbasa sapagkat maraming kasanayan ang nalilinang at kailangang malinang dito upang magiging epektibo ang pagbabasa. Isa kang mahusay at epektibong mambabasa kung natutukoy mo ang layunin ng iyong binabasa, nagagamit ang mga estratehiya at teknik sa pagbasa, nakabubuo ng hinuha o hula sa susunod na pangyayari at iniuugnay ang dating kaalaman at karanasan upang maunawaan ang kahulugan ng binabasang teksto.

**Ang Makrong Kasanayan sa Pagbasa**

Binigyang diin ni Goodman (1985) na bianggit sa pag-aaral ni Dayaganon (2022) tungkol sa Interes sa Pagbabasa ng mga Mag–aaral sa Akdang Pampanitikan, kanyang sinusugan ang

Copyright © 2025 IJAMS, All right reserved

pahayag na ang pagbasa ay isang suliranin sa prosesong pangwika, isang larong saykolohistika o "psycholinguistic guessing game" dahil ang isang mambabasa ay bumubo muli ng kaisipan o mensahe hango sa tekstong binasa. Sa larong ito, ang mambabasa ay nagsisilbing "taya" kung saan siya ay bumubuo ng sariling hula, hinuha at ipotesis kaugnay ng tekstong binasa. Sa teoryang ito, ang mambabasa ang sentro ng proseso ng pagbasa sa halip na ang teksto dahil ang mambabasa ay madalas nang may dating kaalaman o iskema tungkol sa paksa. Samakatuwid, sa teoryang ito, ang mambabasa ay higit na nakapokus sa kung ano ang alam niya upang maunawaan ang binabasa.

Kaugnay nito, sinabi rin ni Carl Woodward na binanggit sa pag–aaral ni Orosca (2022) tungkol sa paggamit ng wikang Filipino at kabilang na rito ang pagbasa na kung saan ito ay pinakamabisang paraan upang maabot ang mga makabagong karunungan at kaalaman ng tao mula noon hanggang sa kasalukuyan. Patunay lamang ito na kinakailangan ang malalim na pang – unawa sa mga tekstong babasahin upang lubos na mapahalagahan ang akda. Wika ang impukan-kuhanan ng nakaraan at ng kaalaman ng isang kultura. Ang nakalipas ay nababakas lalo na sa bokabularyo, bagamat ang mga pananalita't ang morpolohiya mismo ang tipunan ng pinagdaanan ng bawat pagkawika at kultura. Hindi lamang ang kaalaman ng isang panahon kundi ang buong kaalaman ng isang kultura ang taglay ng wika, ng nakaimbak na wika.

## II. Methodolohiya

Ang Ginamit sa pag-aaral na ito ang Kwantitatibong Desinyo ng pag-aaral na nakabatay sa paglalarawan ng mga datos. Ang metodong ito ang angkop para sa pag- aaral dahil malinaw nitong inilarawan ang mga umiiral na mga kondisyon base sa pag-unawa ng mga respondente tungkol sa kanilang komprehensiyon ng pagbasa. Ang gawaing ito ay nakasandig sa sistematikong paraan ng pagsusuri upang mapalutang ang tunguhin ng pag–aaral nang ito ay may malaking ambag sa akademikong Filipino. Ginamit rin ng mananaliksik ang sequnetial mixed method gaya ng gawaing pakikipanayan upang mapagtibay ang resulta ng pag-aaral.

### Kaligiran ng Pananaliksik

Isang hamon kung ituring ng mga kawani ng Kagawaran ng Edukasyon ang mababang antas sa kasanayan ng mga mag-aaral sa pagbabasa sa bansang Pilipinas ayon sa pananaliksik na inilabas ng PISA. Isa itong indikasyon na kailangan na ng pagababgo sa kalakaran pang-akademya at maglunsad ng iba't ibang panukalang gawain upang masugpo ang naturang problema ng mga mag-aaral. Kabilang sa mga humahanap ng paraan ay ang mga guro na siyang nakatutok sa paglinang ng kasanayan ng mga mag-aaral.

Sa estado ng mga mag-aaral, lantad mula sa kanilang pagganap sa loob ng klase ang taglay nilang kakulangan pagdating sa mapanuri at kritikal na pag-unawa. Naoobserbahan ng mga mananaliksik ang kanilang kahinaan na nagiging sagabal nila sa komprehensibong pagkatuto. Ang mga nabanggit na kakulangan ang nagtulak sa mga mananaliksik na bumuo ng estratehiyang makatutulong sa pagpapaunlad sa kanilang komprehensiyon. Ang nabuong gabay sa pagbasa

Copyright © 2025 IJAMS, All right reserved

bilang awtput ng pag-aaral ay nakaangkla sa DepEd Memorandum Order No. 173 s. 2019 na pinamagatang, Hamon: Bawat Bata Bumabasa.

**Instrumento ng Pananaliksik**

Ang instrumento sa pag-aaral na ito ay nakabatay sa Silabus ng guro na kasalukuyang nagtuturo sa asignaturang Filipino sa kanilang major na asignatura.. Binuo ng mananaliksik ang unang bahagi ng talatanungan ukol sa kanilang demograpikong prpayl na sinuri at ito ay ang edad, kasarian, buwang kita ng magulang at ang pinkamataas na edukasyong natamo ng magulang. Naniniwala ang mananaliksik na ang mga nabanggit na personal na datos ay may malaking impluwensya sa kanilang kasasanayan sa pag-unawa sa pagbasa.

Ukol naman sa ikalawang bahagi, ang nilalaman ng pag-aaral, ito ay ang paglatag ng mga pahayag na sumusuporta sa bawat Dimensyon ng Pagbasa. Ang pagbuo ng pahayag sa bawat Dimensyon ay nakaangkla sa aklat ni Bernales (2002) na ginamit din sa pag-aaral ni Oro (2023) tungkol sa Komunikasyon sa Makabagong Panahon : Batayan at Sanayang-aklat sa Filipino 1. Ang ginawa ng mananaliksik, may ilang mga pahayag na binago dahil ito ay iniangkop sa tunguhin ng pag-aaral. Sa bawat Dimensyon ng Pagbasa ay may ilang pagbabago sa pahayag na nakalatag. Ang pagbabagong ito ay ipinasuri at ipinawasto ng mananaliksik sa tatlong (3) baliydeytor na eksperto at nagpakadalubhasa sa wikang Filipino. Anuman ang kanilang mga puna at suhestiyon, sinunod ito ng mananaliksik. Pagkatapos nito, isinagawa rin ng mananaliksik ang pilot testing sa limang (5) mag-aaral na hindi mga respondente ng pag-aaral. Ang pagsasagawa nito ay sinigurado lamang ang kabisahan ng talatanungang nabuo.

## III. Mga Natuklasan

**Propayl ng mga Respondente**

Inilahad sa Talahanayan 1 ang propayl ng mga respondente ayon sa edad. Natuklasan na ang halos lahat ng mga respondente ay may edad na 15-16 na may 97.28%. Samatanla, 2.72% na mga respondente ang may edad na 17-18. Nangangahulugan na nasa tamang edad lamang ang mga respondete ng pag-aaral ayon sa kanilang edad at baitang na kasalukuyang kinabibilangan. Implikasyon ito na ang mga respondente ay kakikitaan ng kanilang pokus sa pag-aaral dahil lantad mula sa kanilang edad at baitang na tinatamasa sa kasalukuyan.

Ang resultang ito ay may kaugnayan mula sa pag–aaral ni Cervales (2020) tungkol sa Epekto ng Pag-unawa sa Pagabsa at Panonood ng Florante at Laura kung saan natuklasan sa kanyang pag-aaral na ang kanyang mga respondente ay nasa tamang edad lang din kung ihaahambing ayon sa lebel ng kanilang edukasyong kinabibilangan. Indikasyon ito na ang mga respondente ay responsable sa kanilang pag-aaral, may pagpapahalaga sa kanilang pinag-aralan at

Copyright © 2025 IJAMS, All right reserved

buong pagsusumikap upang makapagtapos ng pag-aaral. Kahit pa man sinasabi na minsan nakbabagot ang paksang Filipino subalit, nanaaig pa rin ang kanilang tunguhing makapagtapos.

**Talahanayan 1 Propayl ng Respondente ayon sa Edad**

| Edad | Frequency | Bahagdan |
|---|---|---|
| 15-16 | 72 | 97.28 |
| 17-18 | 2 | 2.72 |
| 19-20 | - | - |
| 21 pataas | - | - |
| Kabuuan | 74 | 100 |

Makikita mula sa Talahanayan 2 ang propayl ng mga respondente ayon sa kanilang kasarian, ang nakakuha ng may pinakamataas na bilang ay ang mga babae na may 64.86%. Samantala, sinusundan ito sa mga lalaki na may 33.78%. Habang ang LGBTQA+ ay ang may pinakamababang bilang na may 1.36%. Hindi maikubli na mas marami ang mga babaeng respondente na tumugon kaysa iba pang kasarian dahil mula sa datos ng Registrar ng Compra National High School, sa lahat ng baitang, mas marami ang bilang ng mga mag-aaral na babae kumpara sa mga lalaki o iba pang kasarian. Pinatunayan rin ito sa resulta ng pag-aaral ni Sangual (2023) tungkol sa Kasanayan sa Pagsulat ng Pahayagang Pangkampus ng mga Mag – aaral, natuklasan din na mas maraming mga respondente manunulat ng pahayagang pangkampus sa kanilang paaralan kumpara sa iba pang kasarian.

**Talahanayan 2. Propayl ng mga Respondente Ayon sa Kasarian**

| Kasarian | Bilang ng Respondente | Bahagdan |
|---|---|---|
| Babae | 48 | 64.86 |
| Lalaki | 25 | 33.78 |
| LGBTQ+ | 1 | 1.36 |
| Kabuuan | 74 | 100 |

Lantad mula sa Talahanayan 3 ang buwanang kita ng kanilang mga magulang, ang may pinakamataas na bilang ay ang 5, 000.00 pababa na buwanang kita na may 56.76%. Habang ang nakakuha ng may pinakamababang bilang ang may buwanag kit ana 15,001.00-20,000.00 na may 4.05%. Ibig sabihin, ang mga respondente ay pawang nasa mababang antas lamang ng pamumuhay, Subalit, ang natuklasang ito ay hindi naging hadlang sa kanilang pag-aaral dahil kitang kita naman mula sa lebel ng kanilang edukasyon at ang kanilang edad ay magkatugma ito, hini nakitaan na may nakahinto sa kanilang pag-aaral ayon na rin sa rekord ng kanilang guro.

Ang natuklasan ay sinusugan sap ag-aaral ni Herida (2023) tungkol sa Salik na Nakaaapekto sa Pagkapantay-pantay ng Sekswalidad. Napatunayan mula sa kanyang pag-aaral na ang mga respondente ay nasa mahirap lamang na katayuan sa buhay. Subalit, ang kahirapang naranasan ng mga respondente ay hindi naging hadlang sa kanilang pag-aaral at maging sa usaping pagkapantay-pantay ng sekswalidad. Katulad ng kasalukuyang mag-aaral, ang mga respondente ay patuloy na nagsusumikap sa kanilang pag-aaral bagamat nahihirapan sa buhay ngunit hindi patitinag sa pagkamit ng kanilang pangarap sa buhay.

Copyright © 2025 IJAMS, All right reserved

**Talahanayan 3. Propayl ng mga Respondente Ayon sa Buwanang Kita ng Maagulang**

| Buwanang Kita ng Magulang | Frequency | Bahagdan |
|---|---|---|
| 5,000.00 pababa | 42 | 56.76 |
| 5,001.00 - 10,000.00 | 19 | 25.68 |
| 10,001.00 - 15,000.00 | 5 | 6.77 |
| 15,001.00-20,000.00 | 3 | 4.05 |
| 20,001.00 pataas | 5 | 6.77 |
| Kabuuan | 74 | 100 |

Makikita mula sa Talahanayan 4 demograpikong propayl ng mga respondente batay sa pinakamataas na edukasyong natamo ng magulang. Mapapansin na ang pinakamataas na bilang na may 32.43% ay ang Natapos ang Elementarya. Habang ang nakakuha ng may pinakamababang bilang ng respondente ay ang kanilang magulang ay nakapagtapos ng Doctoral na Digree na may 1.35. Indikasyon ito na ang mga magulang nila ay karamihan hindi nakapagtapos ng kanilang pag-aaral kung kaya kita naman sa kanilang buwanang kita na karamihan ay nasa pinakamababang buwanag kita.

Mula sa resulta ng pag-aaral, ito rin ay may malaking kahawig sa natuklasan mula sa pag-aaral ni Endrina (2024) tungkol sa Kabalisaan ng mga Mag-aaral sa Paggamit ng Wikang Filipino bilang Pangalawang Wika, inihayag mula sa pag-aaral na ang mga magulang ng nagiging respondente ng kanyang pag-aaral ay kalimitan nasa Sekondarya na lebel lamang kung kaya lumabas sa pag-aaral na ang mga mag-aaral ay may pagkabalisa sa paggamit ng pangalawang wika. Katulad ng kasalukuyang pag-aaral, ang mga magulang ng respondente ay kahit nasa mababang antas ng kanilang pag-aaral ay hindi ito naging sagabal sa kanilang pagtamo ng edukasyon. Bagkus, ginawa itong hamon sa mga respondente na ipagpatuloy ang kanilang minimithing pangarap na makapagtapos ng kanilang pag-aaral sa kabila ng kanilang estado ng buhay. Lantad mula sa kalagayan ng kanilang mga magulang na kahit pa man hanggang doon lang ang kanilang napag-aralan ay hindi sila sumuko sa pagpapaaral ng kanilang mga anak. Bagkus, kanila itong pinagsikapan na mapag-aral ang kanilang mga anak sa kabila ng kanilang kahirapan sa buhay. Ipinakita ng kanilang mga magulang ang buong suporta para sa ikagaganda ng kinabukasan.

**Talahanayan 4. Propayl ng mga Respondente Ayon sa Pinakamataas na Edukasyong Natamo ng Magulang**

| Buwanang Kita ng Magulang | Frequency | Bahagdan |
|---|---|---|
| Hindi Natapos ang Elementarya | 1 | 1.35 |
| Nagtapos ng Elementarya | 24 | 32.43 |
| Hindi Natapos ang Sekondarya | 2 | 2.70 |
| Nagtapos ng Sekondarya | 21 | 28.38 |
| Hindi Natapos ang Kolehiyo | 13 | 17.57 |
| Batsilyer Digre | 10 | 13.51 |
| Masteral na Digre | 2 | 2.70 |
| Doctoral na Digre | 1 | 1.35 |
| Kabuuan | 74 | 100 |

Copyright © 2025 IJAMS, All right reserved

**Estado ng Mga Respondente sa Komprehensiyon sa Pagbasa**

Mapapansin mula sa Talahanayan 5 ang taglay na kasanayan ng mga respondente sa unang Dimenyon sa Pagbasa ayon sa Pang-unawang Literal. Lumabas sa pag-aaral na ang nakakuha ng may pinakamataas na average weighted mean na may 4.15 ang pahayag na, "Madali kong nasasagot ang mga tanong kung ito ay mismong makikita sa akdang binasa". Samantala, ang may pinkamababang average weighted mean ang pahayag na "Hindi ako komportable sa mga tanong na simple at mababaw lamang" na may 3.62. Sa kabuuan, ang grand mean ay 4.02 na ang ibig sabihin ay talagang may kasanayan. Nangangahulugan lamang na ang mga respondente ay kakikitaan ng kasanayan pagdating sa unang Dimensyon sa Pagbasa, simple at literal lamang ang konsepto na napapaloob dito. Ang implikasyon ng natuklasan ay nagpapakita ng pagkahumaling o pagkagusto nila sa paraan ng pagbasa na may pag-unawa batay sa literal lamang na ang sagot ay mismong mababasa rin nila sa akda. Ang unang Dimensyon ay itinuturing na pinakamababang antas sa pag-unawa ng pagbasa na nagugustuhan ng mga respondente.

Ayon sa pahayag ni Magno (2014), ang pagkakaroon ng kasanayan sa pagbasa ay nakapagpalawak at nakapagpalalim ng pag-unawa na kung saan madali na lamang tuklasin ng mambabasa ang mga nakapaloob na konteksto ng akda at nakikilala at nabibigkas nang maayos ang mga nakasulat na simbolo. Ang taglay na kasanayan ng mga respondente sa naturang dimension ay maiuugnay sa konseptong ito na madaling matuklasan ng mambabasa ang kontekstong napapaloob kung ito ay nakilala at naunawaan ang akdang binasa lalo na sa literal na kabatiran lamang. Nangingibabaw sa konteksto ng pagkatuto ang pagbasa na ang mga sagot sa tanong ay mismong hango rin sa konteksto ng binasang akda. Ang natuklasan sa pag-aaral na talagang may kasanayan ang mga respondente sa pang-unawang literal ay isang palatandaan na sila ay kakikitaan din ng mpagiging isang mabuting mag-aaral. Sa kabila ng estado ng kanilang buhay, lantad pa rin ang kanilang pagsusumikap sa kanilang pag-aaral. Sa katunayan, sila ay may angking kasanayan sa unang dimensyon ng pagbasa. Sa anumang akdang binasa ng mga mag-aaral, kanila itong naunawaan ayon sa pang-unawang literal na naglalarawan ng pag-unawa mula sa simple, lantad at ang mga sagot ay mismong mababasa sa teksto. Naging komportable ang mga respondente sa pagtugon ng kanilang mga binasa kapag ang mga tanong ay mababaw at madaling mahinuha ng mga mag-aaral. Naging listo ang kanilang isipan lalo na kung ang mga pahayag ay hindi kailangan pang lapatan ng sariling pagpapakahulugan o di kaya ay pagpapasaya ayon sa kanilang paninindigan.

Copyright © 2025 IJAMS, All right reserved

**Talahanayan 5. Kasanayan sa Dimensyon ng Pagbasa Ayon sa Pang-unawang Literal**

| Pang-unawang Literal | AWV | Deskripsyon |
|---|---|---|
| Madali kong nasasagot ang mga tanong kung ito ay mismong makikita sa akdang binasa. | 4.15 | Talagang May Kasanayan |
| Komprotable akong tumugon sa mga tanong na simple at mababaw lamang. | 4.12 | Talagang May Kasanayan |
| Naging listo ang aking isipan sa mga tanong na ang mga sagot ay hindi nagmumula sa aking sariling palagay. | 3.98 | Talagang May Kasanayan |
| Lalo kong nagugustuhan ang talakayan kung ang sagot ay hayagang mababasa sa mismong akda. | 4.01 | Talagang May Kasanayan |
| Madali kong matutunan ang talakayan kung literal lamang ang lahat na pagtatalakay. | 4.11 | Talagang May Kasanayan |
| Nahihirapan ako sa pagtugon sa mga tanong lalo na kung ang sagot ay nagmumula mismo sa akdang binasa. | 4.02 | Talagang May Kasanayan |
| Hindi ako komportable sa mga tanong na simple at mababaw lamang. | 3.62 | Talagang May Kasanayan |
| Hindi naging listo ang aking isipan sa mga tanong na ang mga sagot ay hindi nagmumula sa aking sariling palagay. | 4.0 | Talagang May Kasanayan |
| Hindi ako sanay sa talakayan kung ang sagot ay hayagang mababasa sa mismong akda. | 3.97 | Talagang May Kasanayan |
| Nahihirapan akong matuto sa talakayan kung literal lamang ang lahat na pagtatalakay. | 4.17 | Talagang May Kasanayan |
| **Mean** | **4.02** | **Talagang May Kasanayan** |

Inihayag mula sa Talahanayan 6 ang kasanayan ng mga respondente sa ikalawang Dimensyon sa Pagbasa at ito ay ang Interpretasyon. Lumabas sa pag-aaral na ang pahayag na "Hindi ako natatakot na magkamali sa pagsulat bilang tugon sa kahingian ng guro kung ito ay hango sa aking opinyon lamang", ang nakakuha ng may pinakamataas na average weighted mean na na 4.27 na may deskripsyon na talagang lubos na may kasanayan. Samantala, ang nakakuha ng may pinakamababang aeverage weighted mean na may 3.17 ang pahayag na "Natatakot ako na magkamali sa pagsulat bilang tugon sa kahingian ng guro kung ito ay hango sa aking opinyon lamang". Sa kabuuan, ang grandmean ay 3.30 na ang ibig sabihin ay may kasanayan ang mga respondente sa tumugon gamit ang kanilang sariling Intrepretasyon batay sa kanilang binasang akda. Ang lumabas na resulta ay nangangahulugan lamang na may tiwala sa sarili ang mga respondente sa tumugon gamit ang kanilang sariling pagpapakahulugan.

Maiuugnay mula sa natuklasan ng pag-aaral ang pananliksik ni Rodriguez (2022) na pinamagatang Antas ng Komprehensiyon sa Pagbasa ng mga Senior High School sa Amulang National High School", matapos magbasa ang mambabasa ay nagkakaroon ng kamalayan at ng mga sariling mga palagay o hinuha o panghuhula ukol akda, kung saan natuklasan na may kakayahan ang mga mag-aaral sa pagpapalitaw ng kanilang sariling pagpapakahulugan kung ang kanilang akdang binasa ay naunawaan. Katulad ng kasalukuyang pag-aaral, ang mga respondente ay may taglay na kasanayan sa pagpapaliwanag mula sa kanilang sariling pagpapakahulugan. Subalit kung ihahambing ang resulta sa unang dimensyon, lantad na mas nangingibabaw ang literal nilang pang-unawa. Nangangahulugan lamang na ang ikalwang dimensyon maypangamba ang mga mag-aaral na maipahayag ang kanilang sariling konsepto o ideya higgil sa paksa. Naririyan pa rin ang kawalan ng tiwala sa sarili ngunit sa kabuuan, ang mga respondente ay nagpapakita pa rin ng kasanayan sa dimensyon na ito.

Copyright © 2025 IJAMS, All right reserved

Volume V, Issue 10 October 2025, eISSN: 2799-0664

**Talahanayan 6. Kasanayan sa Dimensyon ng Pagbasa Ayon sa Interpretasyon**

| Interpretasyon | AWV | Deskripsyon |
|---|---|---|
| Hindi ako nag-aalala na magkamali sa klase sa anumang aking isasagot dahil hango lamang ito sa aking sariling interpretasyon. | 4.26 | Talagang Lubos na May Kasanayan |
| Karaniwan akong kumportable sa tuwing mayroong pagsusulit sa Filipino na ang isasagot ay hango sa aking sariling pagpapakahulugan. | 4.22 | Talagang Lubos na May Kasanayan |
| Sanay na sanay ako sa mga sagot na hango sa aking sariling konsepto. | 3.25 | May Kasanayan |
| Hindi ako natatakot na magkamali sa pagsulat bilang tugon sa kahingian ng guro kung ito ay hango sa aking opinyon lamang. | 4.27 | Talagang Lubos May Kasanayan |
| Hindi ako nalilito kung sumagot sa anumang talakayan kung ito ay hango sa aking sariling interpretasyon. | 3.88 | Talagang May Kasanayan |
| Nag-aalala ako na magkamali sa klase sa anumang aking isasagot dahil hango lamang ito sa aking interpretasyon. | 3.31 | May Kasanayan |
| Hindi ako kumportable sa tuwing mayroong pagsusulit sa Filipino na ang isasagot ay hango sa aking sariling pagpapakahulugan. | 3.25 | May Kasanayan |
| Kawalan ako ng tiwala sa aking sarili sa mga sagot lalo na hango sa aking sariling konsepto | 3.20 | May Kasanayan |
| Natatakot ako na magkamali sa pagsulat bilang tugon sa kahingian ng guro kung ito ay hango sa aking opinyon lamang. | 3.17 | May Kasanayan |
| Nalilito ako kung sumagot sa anumang talakayan kung ito ay hango sa aking sariling interpretasyon. | 3.45 | Talagang May Kasanayan |
| **Mean** | **3.30** | **May Kasanayan** |

Makikita mula sa Talahanayan 7 ang kasanayan ng mga respondente sa Dimensyon sa Pagbasa ayon sa Mapanuring Pagbabasa. Nangunguna sa may pinakamataas na average weighted mean na may 3.72 ang pahayag na “Masyadong mahaba ang mga babasahin kaya nakapanghihina ng loob na baka hindi ko matukoy ang mahalagang kaisipang napapaloob sa akda gamit ang aking kkritikal nap ag-iisip” na may deskripsyon na talagang may kasanayan. Habang, ang pinakamababang average weighted mean na may 3.0 ang pahayag na “Iniiwasan ko ang aking mga kaklase at guro na makisangkot sa talakayan na may kaugnayan sa tekstong aking binasa dahil hindi ako sanay na magbahagi ng aking paninidigan na may kaugnayan sa akdang binasa”. Sa pangkalahatan, ang mapanuring na pagbasa ay may grand mean na 3.36 na ang ibig sabihin ay may kasanayan ang mga respondente na magbahagi ng kanilang sarilin pananinindigan kahit pa man kakikitaan kung minsan ng pag-aalinlangan dulot ng babasahing may kahabaan at kawalan rin ng tiwala sa paglalahad ng kanilang sariling pagpapasya.

Ang natuklasan ay may kaugnayan sa konsepto ni Hakim et. al (2021), humaharap ang mga guro sa mga hamon at suliranin sa paggamit ng kritikal literacy bilang estratehiya sa pagtuturo ng pagbasa. Ayon din sa kanya, lumabas sa ilang mga pag-aaral na ang mga mag-aaral ay mayroong kakulangan sa kasanayan, kaalaman at kasanayan sa wika na naging dahilan upang maging mahirap para gamitin ang kanilang kritikal na pag-iisip. Hindi rin nila alam kung ano ang gagawin pagdating sa kritikal na pagbasa na may pag-unawa lalo na sa mapanuri at kritikal nap ag-iisp. Subalit, nahihirapan man ang mga respondente, kakikitaan pa rin sila ng taglay na kasanayan na

Copyright © 2025 IJAMS, All right reserved

makikita sa lumabas ng pag-aaral. Sa kabuuan, ang mga respondente ay nagpapakita pa rin ng kasanayan sa dimension ng mapanuring pagbasa. Patunay nito, ang pagganap ng mga respondente sa loob ng klase ay nagpapakita ng may kakayahan sa anumang larangan dahil mula sa kanilang demograpikong propayl, lantad sa kanila na ang pagpupursige, pagpapahalaga sa sistemang pang-edukasyon.

**Talahanayan 7. Kasanayan sa Dimensyon ng Pagbasa Ayon sa Mapanuring Pagbasa**

| **Mapanuring Pagbasa** | **AWV** | **Deskripsyon** |
|---|---|---|
| Nagugustuhan ko kapag alam kong tatawagin ako sa *oral recitation* batay sa akdang aking binasa lalo na sa panahon ng talakayan na susukat sa aking kritikal na pag-iisip. | 3.55 | Talagang May Kasanayan |
| Lagi kong iniisip na magaling ako sa mapanuring na pagbasa dahil hango ito sa aking sariling pagpapasya. | 3.10 | May Kasanayan |
| Hindi ako nahihiya na magboluntaryong sumagot sa aming klase sa Filipino dahil naunawaan ko ang aking binasa at may kakayahan ako sa aking paninindigan mula sa teksto. | 3.13 | May Kasanayan |
| Kahit mahaba man ang babasahin, may kasanayan ako na mapalutang ang aking mapanuring nap ag-iisip. | 3.42 | Talagang May Kasanayan |
| Naging listo ang aking isipan sa pagpapahayag gait ang aking kritikal nap ag-unawa mula sa akda. | 3.12 | Talagang May Kasanayan |
| Palagi kong nararamdaman na mas mahusay ang ibang mga mag-aaral sa pag-unawa sa tekstong binasa kaysa sa akin dahil sa kawalan ako ng tiwala sa aking sariling pagpapasya. | 3.28 | May Kasanayan |
| Masyadong mahaba ang mga babasahin kaya nakapanghihina ng loob na baka hindi ko matukoy ang mahalagang kaisipang napapaloob sa akda gamit ang aking kkritikal nap ag-iisip. | 3.72 | Talagang May Kasanayan |
| Natatakot akong pagtawanan ng ibang mga mag-aaral dahil sa hindi wasto ang aking mga sagot dulot ng hindi ko masyadong nauunawaan ang mga salitang aking nababasa kaya nahihirapan akong magbahagi ng aking sariling pagpapasaya. | 3.54 | Talagang May Kasanayan |
| Nalilito ako na unawain ang mga salitang napapaloob sa akda dahil sa mga denotasyon at konotasyon na pahayag na naging hadlang sa aking krtikal at mapanuring na pag-iisip. | 3.01 | May Kasanayan |
| Iniiwasan ko ang aking mga kaklase at guro na makisangkot sa talakayan na may kaugnayan sa tekstong aking binasa dahil hindi ako sanay na magbahagi ng aking paninidigan na may kaugnayan sa akdang binasa. | 3.0 | Talagang May Kasanayan |
| **Mean** | **3.36** | **May Kasanayan** |

Inilatag mula sa Talahanayan 8 ang kasanayan ng mga respondente sa Dimensyon ng Pagbasa batay sa Aplikasyon. Lumabas na ang nakakuha ng may pinkamataas na average weighted mean ay ang pahayag na "Mas lalo kong nauunawaan ang akdang binasa kung ito ay makatotohanan lalo na kung ito ay kuwento hinggil sap ag-iibigan at pamilya na madaling maiuugnay sa akin", na may 4.42 na nangangahulugang talagang may kasanayan. Samantala, ang may pinakamababang ay ang 3.01 na "Habang nagkaklase sa Filipino, napakarami kong naiiisip na wala namang kinalaman sa aming klase na nakaaapekto sa aking pang-unawa kaya nahihirapan akong maiuugnay ito sa totoong buhay". Sa kabuuan, ito ay may grand mean na 3.61 na ang ibig sabihin ay talagang may kasanayan ang mga respondente na maiugnay ang kaisipang napapaloob sa akda sa mismong kanilang karanasan sa buhay. Makikita mula sa resulta na mas nagugustuhan

Copyright © 2025 IJAMS, All right reserved

Volume V, Issue 10 October 2025, eISSN: 2799-0664

nila ang akda kung ito ay makatotohanan, kahit pa man minsan maraming nagpapagulo sa kanilang isipan ngunit matagumpay nilang naitawid ang kanilang pagbabasa na may pag-unawa kung ito ay may kaugnayan sa totoong buhay.

Pinagtibay ang natuklasan mula sa pag-aaral ni Alghonaim (2020) kaugnay sa Impact of Related Activities on Reading Comprehension of EFL Students kung saan ang ibang mga mag-aaral na nagbabasa ng maikling kuwento ay napapalawak ang kaalaman sa pamamagitan ng paghahambing at pag-uugnay at ang pagiging bukas sa isipan nila sa akdang nag maiugnay nila ito sa sariling karanasan at maging sa kanilang obserbasyon sa kapaligiran. Ang konseptong ito ay magkatulad sa lumabas ng pag-aaral kung saan madaling maunawaan ang isang akdang babasahin kung ito ay reyalistik at makatotohanan.

**Talahanayan 8. Kasanayan sa Dimensyon ng Pagbasa Ayon sa Aplikasyon**

| Aplikasyon | AWV | Deskripsyon |
|---|---|---|
| May kasanayan akong magbahagi ng aking sariling karanasan lalo na kung may kaugnayan sa paksang binasa. | 3.98 | Talagang May Kasanayan |
| Pagkatapos ng aking pagbabasa, naiuugnay ko ang nilalaman sa akda mula sa totoong buhay. | 3.82 | Talagang May Kasanayan |
| Nagugustuhan ko ang akdang may kaugnayan sa tunay na buhay dahil madali ko itong naunawaan at maibahagi ito sa klase. | 4.07 | Talagang May Kasanayan |
| Mas lalo kong nauunawaan ang akdang binasa kung ito ay makatotohanan lalo na kung ito ay kuwento hinggil sap ag-iibigan at pamilya na madaling maiuugnay sa akin. | 4.42 | Talagang Lubos na May Kasanayan |
| Mula sa aking binasa, madali kong naiaaplay ito sa aking sarili at maging ito ay nagmumula sa aking obserbasyon sa paligid. | 3.92 | Talagang May Kasanayan |
| Nababalisa ako kapag hindi ko naintindihan ang aking binasa dahil hindi ko masyadong nakukuha ang kabuuang mensahe na maiuugnay sa aking sarili | 3.77 | Talagang May Kasanayan |
| Habang nagkaklase sa Filipino, napakarami kong naiiisip na wala namang kinalaman sa aming klase na nakaaapekto sa aking pang-unawa kaya nahihirapan akong maiuugnay ito sa totoong buhay. | 3.01 | May Kasanayan |
| Habang ako ay nagbabasa, binaliwala ko na lamang ang talakayan ng aking guro dahil sa hindi ko naman nauunawaan ang aking binasa na nagpapahirap sa aking maiuugnay ito sa aking karanasan. | 3.04 | May Kasanayan |
| Kinakabahan ako sa klase sa Filipino baka ako ang tatawagin ng aking guro dahil sa kawalan ako ng aking tiwala sa sariling maiugnay ang aking binasa sa aking karanasan. | 3.05 | May Kasanayan |
| Kahit na handa ako sa klase sa Filipino, pero kung mahaba ang babasahin mas lalo akong tinatamad na makipag-ugnayan sa talakayan lalo na kung ang paksa ay iuugnay sa katotohanan. | 3.06 | May Kasanayan |
| **Mean** | **3.61** | **Talagang May Kasanayan** |

Inilahad mula sa Talahanayan 9 ang kasanayan ng mga respondente sa Dimensyon ng Pagbasa ayon sa Pagpapahalaga. Nakita na ang may pinakamataas na average weighted mean ay ang "Sa pagbabasa ng akda, kahit mahaba man ito nagugustuhan ko pa ring basahin lalo na kung

Copyright © 2025 IJAMS, All right reserved

ito ay makatotohanan na nakapgpapantig ng aking puso at isipan" na may 4.23 na may deskripsyon na talagang lubos na may kasanayan. Samantala, ang pinakamababang average weighted mean ay ang pahayag na "Sa pagbabasa ng akda, kahit na makatotohanan ang binasa, nahihirapan akong unawain ang pangkalahatang diwa dahil sa may mga mahihirap na mga salitang sagabal sa aking pag-unawa", na may 3.05 na ang ibig sabihin ay may kasanayan. Sa pangkalahatan, ito ay may grand mean na 3.69 na nangangahulugang talagang may kasanayan. Ang implikasyon ng natuklasan sa pag-aaral ay napahalagahan ng mga respondente ang pagbabasa lalo na kung makatotohanan ang mga pangyayari, na kahit may mga mahihirap na mga salitang natatagpuan ay hindi ito naging sagabal sa kanilang pag-unawa. Sa madaling salita, matagumpay na naitawid ng mga respondente ang pagbasang may pagpapahalaga.

Ang natuklasan ay pinagtibay sa pag-aaral ni Nurhana (2014) tungkol sa Improving Student's Reading Skills Through Interactive Multimedia, kung saan lumabas sa kanyang pag-aaral na mas nagugustuhan nila ang pagbabasa kung may integrasyon ng multi media lalo na sa pagpapahalaga ng binasa.

**Talahanayan 9. Kasanayan sa Dimensyon ng Pagbasa Ayon sa Pagpapahalaga**

| Pagpapahalaga | AWV | Deskripsyon |
|---|---|---|
| Sanay akong mabigyan ng pagpapahalaga ang anumang aking binasa lalo na kung ito ay aking nauunawaan. | 4.15 | Talagang May Kasanayan |
| Madali kong mapahalagahan ang isang akda kung ito ay aking nagugustuhan. | 4.22 | Talagang Lubos na May Kasanayan |
| Sa pagbabasa ng akda, kahit mahaba man ito nagugustuhan ko pa ring basahin lalo na kung ito ay makatotohanan na nakapgpapantig ng aking puso at isipan. | 4.23 | Talagang Lubos na May Kasanayan |
| Madali kong makilatis ang pangkalahatang kaisipan na napapaloob sa akda kaya ito ay aking napahalagahan at napangingibabaw ko ang aking nararamdaman. | 3.72 | Talagang May Kasanayan |
| Hindi ako nahihirapan sa pagpapalutang ng tunay na nararamdaman habang ako ay nagbabasa. | 3.59 | Talagang May Kasanayan |
| Hindi ako sanay na mabigyan ng pagpapahalaga ang anumang aking binasa lalo na kung ito ay hindi ko masyadong naunawaan dahil nahihirapan din ako sa wikang Filipino. | 3.58 | Talagang May Kasanayan |
| Hindi maadali para sa akin ang mapahalagahan ang isang akda kung ito ay hindi ko naunawaan. | 4.01 | Talagang May Kasanayan |
| Sa pagbabasa ng akda, kahit na makatotohanan ang binasa, nahihirapan akong unawain ang pangkalahatang diwa dahil sa may mga mahihirap na mga salitang sagabal sa aking pag-unawa. | 3.05 | May Kasanayan |
| Hindi madali para sa akin na makilatis ang pangkalahatang kaisipan na napapaloob sa akda kaya ito ay mahirap na napahalagahan ko. | 3.11 | May Kasanayan |
| Hindi ako sanay sa pagpapahalaga ng aking binasa dahil sa kawalan ako ng interes nito. | 3.19 | May Kasanayan |
| **Mean** | **3.69** | **Talagang May Kasanayan** |

Mapapansin mula sa Talahanayan 10 ang kabuuang resulta mula sa Dimensyon na Pagbasa kung saan ang nakakuha ng may pinakamataas na mean value ay ang Pang-unawang Literal na may 4.02 na may deskripsyon na talagang may kasanayan. Habang, ang pinakamababang mean

Copyright © 2025 IJAMS, All right reserved

value ay ang aplikasyon na may 3.6 na nangangahulugan ding may kasanayan ang mga respondente. Samakatuwid, ang mga respondente ay kakikitaan ng may kahusayan sa kanilang pagbabasang may pag-unawa gamit ang Dimensyon ng Pagbasa. Matagumpay na natututunan ng mga respondete ang pagbasang may pag-unawa.

Ang natuklasan ng kasalukuyang pag-aaral ay taliwas sa lumabas na resulta sa pag-aaral ni Palma (2019) tungkol sa Isyu at mga suliranin sa pag-unawasa pagbasa at sa kakayahan sa pagsulat sa mga mag-aaral sa Jesus is Lord Colleges, Foundation INC.: Batayan sa programang pangkaunlaran. Lumabas sa kanyang pag-aaral na ang mga respondente ay nahihirapan sa pagbasang may pag-unawa. Kaya naman, kailangan pa na paunlarin ang kanilang kakayahan sa pagbasa na may pag-unawa. Samatala, lumabas sa kasalukuyang pag-aaral na bagamat nahihirapan sila sa ibang mga salik subalit matagumpay na nairaos nila ang pagbasang may pag-unawa gamit ang limang Dimensyon sa Pagbasa.

**Talahanayan 10. Paglalagom sa Kasanayan ng mga Respondente sa Dimensyon ng Pagbasa**

| Dimensyon sa Pagbasa | Mean | Deskripsyon |
|---|---|---|
| Pang-unawang Literal | 4.02 | Talagang May Kasanayan |
| Interpretasyon | 3.30 | May Kasanayan |
| Mapanuring Pagbasa | 3.36 | May Kasanayan |
| Aplikasyon | 3.6 | May Kasanayan |
| Pagpapahalaga | 3.69 | Talagang May Kasanayan |
| **Grand Mean** | **3.59** | **Talagang May Kasanayan** |

## IV. Konklusyon

Napag-alaman mula sa pag-aaral na ang mga respondente ay may taglay na komprehensiyon ng Pagbasa sa asignaturang Filipino. Samakatuwid, nagampanan nang maayos ang kanilang pagkatuto sa asignaturang Filipino lalo na sa pagbasang may pag-unawa. Ang ipinakitang galing at kahusayan ay palatandaan na sila ay aktibo sa gawaing pansilid-aralan. Nagampanan nang maayos ang kanilang akademikong tungkulin bilang isang huwaran na mag-aaral. Ang kanilang pagganap sa loob ng klase ang tanging produkto na nakaapekto sa kanilang pagkatuto. Ang resultang ito ay nagpapatunay rin na sa likod ng kahirapan sa buhay at maging ang edukasyong natapos ng kanilang magulang, hindi ito sagabal sa kanilang akademikong pagganap. Bagkus, ang mga respondente ay nagpapakita ng kanilang pagiging masigasig sa larangan ng akademya, hindi hadlang ang kahirapan sa buhay.

## References

[1] Almario, Virgilio S.(2017) Binagong Edisyon sa Manwal sa Masinop na Pagsulat sa Komisyon ng wikang Filipino, Manila: Anvil Publishing, Inc.
[2] Alghonaim A.S. (2020). Impact of Related Activities on Reading Comprehension of EFL Students https://files.eric.ed.gov/fulltext/EJ1247943.pdf

Copyright © 2025 IJAMS, All right reserved

[3] Alghonaim A.S. (2020). Impact of Related Activities on Reading Comprehension of EFL Students https://files.eric.ed.gov/fulltext/EJ1247943.pdf
[4] Araro, Razel E. (2022) . Kabihasaan ng mga Guro sa Paggamit ng Bagong Istratehiya sa Pagtuturo ng Filipino sa Panahon ng Pandemya
[5] Barte, Joseph . (2019). Kabihasaan ng Estratehiyang Musika sa Pagtuturo ng Wika sa Asignaturang Filipino
[6] Briones, (2019). Nagpapatupad ng DepEd Memornadum Order No. 173 s. 2019
[7] Banawa, Mary Joy D. et. al., (2018.) Wika at Kultura sa Mapayapang Lipunan. Mutya Publishing House Incorporated
[8] Barillos, L. (2016). Antas ng kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral sa ikalawang taon sa Pansekondarya ng Bugtong na pulo https://www.academia.edu
[9] Castro, Imelda P. et.al,. (2016) Pagbasa at Pagsulat sa Iba't ibang Disiplina. Valenzuela City. Mutya Publishing House.
[10] Cortes, (2017) Mga Salik Tungo sa Epektibong Pamamaraan ng Pagtuturo ng Asignaturang Filipino sa K to 12 sa mga Guro ng Sekundarya
[11] Dublas,R.S. (2017). Ang Antas ng Pag – unawa sa Pagbasa ng mga Mag – aaral sa 21st Century Learners
[12] Cagbabanua, Charlly D. Orosca, Gemma S. (2022). Pagbabaybay: Isang Pagsusuri sa Lebel ng Kasanayan ng mga Mag – aaral sa Wikang Filipino, Nailathalang papel sa IJAMS Publishing Company
[13] Cervales, J.B. (2020). Epekto ng pag-unawa sa pagabsa at panonood ng Florante at Laura https://www.academia.edu
[14] Dayaganon, Irish, (2022). Interes sa Pagbabasa ng mga Mag – aaral sa Akdang Pampanitikan ng JRMSU Main Campus
[15] DepEd Memorandum Order No. 173 s. 2019. Hamon: Bawat Bata Bumabasa
[16] Derama, Edgeen mark, (2021). Aha! Kabisaan ng Paggamit ng Laro Bilang Estratehiya sa Pagtuturo ng Filipino
[17] Dumuyac, I. (2017). Antas ng komprehensyon ng mga mag-aaral ng mitolohiya sa pamamagitan ng pagsasaula bilang batayan sa pagmumungkahi ng isang disenyo sa pagtuturo[thesis] https://www.academia.edu
[18] Francisco, M.B. (2021). Ang Kahalagahan ng Pagbasa sa Iba't ibang aspeto http://www.udyong.gov.ph
[19] Lachica, Veneranda S. (2016) Komunikasyon at Linggwistika. 24 K Printing Co. Press Inc. Valenzuela, Metro Manila
[20] Lalunio, Lydia, (2017). Ang Pormulang SM3B, Survey, Magtanong, B1 – Buod, B2 – Balik – basa, B3 – Buod
[21] Ledesma A. at Albay E. (2018). Ang Kaugnayan ng bilis sa Pagbasa ng akademikong teksto at ang kakayahan sa pag-unawa ng mag-aaral sa tersyarya ng Southern Christian College https://www.scrbd.com/doc/152922684/final-thesis
[22] Lumantas, Lealyn R. (2023) Estratehiyang SMEB: Epekto sa Komprehensiyon ng mga Mag-aaral sa Asignaturang Filipino
[23] Nurhana R.D. (2014). Improving Student's Reading Skills Through Interactive Multimedia of the 8th Grade at SMP Raden Fatah Cimanggu Cilacap in the Academic Year of 2013-2014 https://core.ac uk/download/pdf/33515646.pdf
[24] Palma, E. Jusayan, C.V., at Cubos, L. M. (2019). Pananaliksik patungkol sa isyu at mga suliranin sa pag-unawasa pagbasa at sa kakayahan sa pagsulat sa mga mag-aaral sa Jesus is

Copyright © 2025 IJAMS, All right reserved

Lord Colleges, Foundation INC.: Batayan sa programangpangkaunlaran https://www.instabrightgazette.com/blog/pananaliksik-patungkol-sa-isyu-at-mga-suliranin-sa-pag-unawa-sa-pagbasa
[25] Quintero et. al, (2015). Estratehiya sa Pagbasa ng mga Mag-aaral na nasa Unang Taon sa Programang Bachelor of Elementary Education Special Education sa Pamantasan ng Timog-Silangang Pilipinas
[26] Ravago, M. (2017). Epekto ng pamamaraang komiks sa antas ng komprehensyon sa pagbasa. (Di-Nalathalang Master Tesis). Bataan Peninsula State University, Balangan, Bataan.
[27] Rodriguez, (2022). Antas ng Komprehensiyon sa Pagbasa ng mga Senior Hig School sa Amulang Nattional High School
[28] Santiago, Alfonso O. (2016) Panimulang Linggwistika sa Filipino. Rex Printing Pres Inc. Quezon City
[29] Sangual, Meralyn (2023) tungkol sa Kasanayan sa Pagsulat ng Pahayagang Pangkampus ng mga Mag – aaral
[30] Sari, L. (2017). Pagpapabuti ng Pag unawa sa Pagbasa sa Pamamagitan ng Directed Strategy ng Reading Thinking Activity (DRTA) Para sa Ikawalong Grado na Mag-aral ng SMP Negeri 17 Medan sa AkademikTaong 2016-2017 [thesis]https://core.ac.uk › pdf
[31] Santillan, L. (2015). Iba't ibang salik sa motibasyon ng mag-aaral sa Filipino sa regular at obtec kurikulum Retrieved from: https://www.academia.edu/35874484/
[32] Tanawan, Dolores S. et.al., (2004). Sining ng Mabisang Komunikasyon, Trinitas Publishing Bulacan
[33] Tumangan, Alcomtiser P. et.al. (2003). Sining ng Pakipagtalastasan. Valenzuela City; Mutya Publishing House, Inc.

Copyright © 2025 IJAMS, All right reserved